

Ang Ebolusyon ng Wikang Filipino Tungo sa Intelektwalisasyon Nito

Angelina L. Santos

Introduksyon

Ang wikang Filipino ang wikang pambansa ng Pilipinas. Ayon sa Konstitusyon ng 1987, dapat itong “payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at iba pang mga wika.” Tinutukoy naman ito ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF sa Resolusyon Blg. 92-1, Mayo 13, 1992) bilang linggwa frangka, “pasalita at pasulat, sa Metro Manila na Pambansang Punong Rehiyon, at sa iba pang sentrong urban ng arkipelago, na ginagamit bilang wika ng komunikasyon ng mga etnikong grupo. Tulad ng alinmang wikang buhay, dumaraan ito sa proseso ng paglinang sa pamamagitan ng panghihiram sa mga wika ng Pilipinas at mga di-katutubong wika at sa ebolusyon ng iba’t ibang barayti ng wika para sa iba’t ibang sitwasyong sosyal, sa mga nagsasalita nito mula sa iba’t ibang sanligang sosyal at para sa mga paksa ng talakayan...” Bagamat nakasalig ito sa iba’t ibang wika, Tagalog pa rin ang pinakanukleyus nito.

Kaligirang Pangkasaysayan ng Wikang Filipino

Binubuo ng mahigit sa 7,000 mga isla ang Pilipinas na may iba't ibang wika na ayon kay McFarland (1996:21) ay binubuo ng halos 109. Samantala, ayon naman kay Constantino (1992:149), may higit sa 500 mga wika at dyalekto ang bansa batay na rin sa pagkakaroon ng iba't ibang etnikong grupong nakatira sa bawat rehiyon na may kani-kanilang wikang sinasalita. Dahil dito, masasabi na ang Pilipinas ay isang bansang may kumplikadong sitwasyong linggwistikal. Binubuo ito ng iba't ibang grupong etnolinggwistiko na pinangungunahan ng Tagalog, Cebuano, Ilokano, Bikol, Samar-Leyte Waray, Kapampangan, Pangasinense, at Maranao na ayon kay McFarland ay sumasakop sa 90% ng kabuuang populasyon ng bansa (Asia International Lexicography 1992) Conference). Samantala, ayon naman kay Quakenbush (1998:6), pansampu ang Pilipinas sa ranggo sa buong daigdig kung ang pag-uusapan ay ang bilang ng mga katutubong wika na ginagamit dito.

Nakaragdag sa kumplikadong sitwasyong pangwika ng Pilipinas ang pagiging kolonya nito ng mga bansang Espanya at Amerika. Naging popular ang wikang Kastila at Engles lalung-lalo na sa ekonomik at intelektwal na mga elit.

Sa panahon ng pananakop ng mga Kastila, napalitan ng alpabetong Romano ang katutubong alibata silabaryo. Nagkaroon ng pagbabago sa ispeling ng mga salita. Pumasok sa silabaryo ang mga letrang dating wala dito tulad ng e, o, c, ñ, q, atbp., (Almario, 1997:6). Nahati ang mga katutubo – iyong mga nakababasa at nakasusulat sa silabaryo at iyong mga nakababasa at nakasusulat sa alpabetong Romano.

Sa itinagal pa ng panahong ipinamalagi ng mga Kastila sa bansa lubhang naging elitista ang edukasyon. Pinatutunayan ito ng sumusunod na mga pahayag (Bernabe, 1987:144):

...Education in its true sense was open only to the children of the Spaniards, mestizos and affluent natives among whom the Spanish language was used as a medium of

instruction. The few institutions of higher learning received the greatest attention since they were established to meet the demand for the proper schooling of the children of the Spaniards.

Samantala, mass based naman ang edukasyon sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano. Dahilan ito para maging lubhang popular ang wikang Ingles kaysa sa wikang Kastila. Kaugnay ng pagpapalaganap ng wikang Ingles, iminungkahi ni Kapitan Todd, ang namahala sa Opisinang Superintendente ng Pamublikong Instruksyon na itinatag noong Marso 30, 1900, ang sumusunod:

All of the schools under government control be conducted in English language as far as in any way practicable, and that the use of Spanish or dialect be only for a period of transition (Bernabe, 1987:25).

Kung ipinagkait ng mga Kastila ang kanilang wika sa mga katutubo ng Pilipinas noong panahon ng kanilang pananakop dahil sa layunin nilang “hatiin at pagharian” (divide and rule) ang mga kapuluan sa Pilipinas, iba naman ang naging taktika ng mga kolonistang Amerikano. Pinalawak nila ang pagpapagamit ng wikang Ingles sa larangan ng edukasyon na labis na ikinasiya ng mga Pilipino. Pinagdamatan sila noon ng wika ng naghaharing-uring mga Kastila samantalang heto at nagagamit nila ang wika ng pumalit na mananakop ng mga Amerikano. At bilang bahagi ng programang pagpapalaganap ng wikang Ingles-

...Nagpadala din ang gobyerno ng mga estudyanteng Pilipino sa Estados Unidos para mahasa sila sa Ingles samantalang ang kurikulum naman ay inayos tungo sa pagpapabuti ng pag-aaral ng wikang ito... madalas ding nirebisa ang mga kurikulum sa eskwelahan simula noong 1909 para lalong mapabuti ang pag-aaral ng Ingles. Ito ang mga dahilan kung kaya masasabing sa buong panahon ng Amerikano, malawak at masigasig ang kanilang ginawang pagpapalaganap sa Ingles dahil gusto nilang maging midyum ito ng komunikasyon at sa malauna’y maging linggwa frangka o wikang pambansa ito. (Department of Education 1919:12 sa Constantino, P.C. 1991:100)

Naging pasas ng mga edukadong Pilipinong aral sa wikang Ingles ang wikang ito sa paghawak ng mahahalagang gawaing pulitikal, edukasyunal, at maging sa larangang pang-ekonomiko. Bukod sa pagiging wika ng gobyerno, edukasyon, at komersyo, ito rin ang wika ng mga dyaryo, magasin at radyo. Dahil dito, naitala noong 1960 sensus, makaraan ang ilang dekada matapos “lumaya” ang Pilipinas sa kamay ng mga Amerikano, na 40% ng populasyon ng bansa ay nakapagsasalita sa Ingles. At itinuring ang Pilipinas bilang pangatlong bansang may pinakamaraming tagapagsalita ng Ingles sa buong daigdig (Arcelo, 1989:51).

Pagpaplanong Pangwika at ang Ebolusyon ng Filipino Bilang Wikang Pambansa

Ang karanasan ng Pilipinas na makolonya ng ibang bansa ay karanasang pinagdaanan rin ng Indonesia at Malaysia na katulad ng Pilipinas ay mga bansang multilinggwal. Kakaiba nga lamang sa mga nabanggit na mga bansang Asyano na tigiisang bansa lamang ang sumakop, nakaranas ang Pilipinas na makolonya ng dalawang bansa – Espanya at Amerika. Bilang mga biktima ng kolonisasyon, ginamit ng mga bansang nabanggit ang wika ng mga kolonisador bilang wika ng gobyerno at edukasyon – Dutch sa Indonesia; British Ingles sa Malaysia; at sa Pilipinas naman, Kastila sa panahon ng mga Kastila at Ingles sa panahon ng mga Amerikano. Magkagayun pa man, ang mga bansang ito’y naghangad na magkaroon ng wikang pambansang katutubo sa kani-kanilang lugar para magsilbing tagapag-isa ng mamamayan nito, at gayundin bilang simbolo ng kani-kanilang kalayaan at identidad. Ang gawain sa pagsusulong na magkaroon ng wikang pambansa ay lalong pinasigla matapos ang kalayaan mula sa mga sumakop na bansa.

Dahil ang mga bansang ito’y pare-parehong binubuo ng lipunang multilinggwal, hindi naging madali para sa mga ito ang pagsusulong ng kani-kanilang wikang pambansa. Nagsagawa ang bawat isa sa kanila ng pagpaplanong pangwika na inilunsad ng kani-kanilang gobyerno. Ngunit kung paghahambingin ang sitwasyon ng pagpaplanong pangwika sa tatlong bansa, masasabing kumplikado ang pinagdaanan ng bansang

Pilipinas. Nagdaan sa tatlong yugto ng ebolusyon ang pagpapalit lamang ng pangalan ng wikang pambansa na nagsimula sa 1935 Konstitusyon, taong 1959, papuntang 1973 Konstitusyon at sa kasalukuyang konstitusyon, ang 1987 Konstitusyon. Ang pangyayaring ito'y bunga na rin ng matinding damdaming rehiyonal na naghahari sa ilang malalaking etnikong grupo sa bansa. Dahil sa ganitong pangyayari, napag-iwanan ng dalawang bansang nabanggit ang Pilipinas kung ang pag-uusapan ay ang naging katayuan ng wikang pambansa. Ang kanilang mga wika'y wika ng gobyerno at wika ng edukasyon na walang kahating dayuhang wika di tulad ng wikang Filipino.

1935 Konstitusyon. Sa panahon ng Komonwelt, sa pangunguna ni Presidente Manuel L. Quezon, nagsimula ang pormal na kasaysayan ng paghahangad ng bansa na magkaroon ng isang wikang mag-uugnay sa lahat ng mamamayan nito na magsisilbing behikulo ng pagkakaunawaan para sa pambansang pagkakaisa. Kayat sa ilalim ng 1935 Konstitusyon isinaad sa Art. XIV, Sek. 3 ang ganito – *Ang Kongreso ay gagawa ng mga hakbang tungo sa pagpapaunlad at pagpapatibay ng isang wikang pambansa batay sa isa sa mga umiiral na katutubong wika.*

Bilang pagsunod sa probisyong nabanggit sa itaas, pinagtibay ang Batas Komonwelt Blg. 184 na nagtatag sa Surian ng Wikang Pambansa (na naging Linangan ng mga Wika sa Pilipinas, at ngayo'y Komisyon sa Wikang Filipino) na siyang nagsagawa ng mga pag-aaral ng mga wika sa Pilipinas para sa pagpili ng magiging batayan ng wikang pambansa. Binuo ng mga miyembro nito ang sumusunod na kraytirya para sa pagpili ng wikang naging batayan ng wikang pambansa: (1) may maunlad na istruktura, mekaniks, at nakapriint na literatura; at (2) tinatanggap at ginagamit ng nakararaming bilang ng mga Pilipino. Sa pagpili ng wika, kinonsidera nila ang sumusunod na mga pangunahing wika ng bansa – Bicolano, Cebuano, Ilokano, Ilonggo o Hiligaynon, Pampango, Pangasinense, Samar-Leyte Waray, at Tagalog. Lumabas sa pag-aaral na ang wikang Tagalog ang nakatugon sa mga kraytiryang kanilang binuo.

Ayon kina Jernudd at Das Gupta (1971), isang pulitikal at

administratibong gawain ang pagpapalano na kinakailangan para malutas ang problemang pangwika sa lipunan. Nakita ni Quezon ang problemang ito. Walang komong wika na ginagamit sa bansa noong panahon ng kanyang pamumuno na maaaring makapag-isa sa taong-bayan. Para malutas ang problemang ito, kanyang pinirmahan ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 134 noong Disyembre 30, 1937 na nagsasaad na mayroon nang wikang pambansa ang Pilipinas at ito ay nakabatay sa Tagalog. Ipinaabot ng Pangulo sa taong-bayan ang isinaad ng kanyang kautusan na nagsasaad na –

...For over three hundred years Spanish was the official language ... Spanish has not become the common language of our people ... English became the common language of our country; ... it has not become the language of our people... that the national thought takes its roots in a common language which develops and grows with the progress of the nation. We may borrow for a time the language of other people, but we cannot truly possess a national language except through the adoption, development and use of one of our own. (*Phil. Commonwealth 1938 b.3.1.:181, Bernabe, 1987:64*).

Ayon kay Fishman (1974:26 sa Constantino, 1991:146), “ang pagpaplanong pangwika ay isang pagtatangkang maimpluwensyahan ang gamit nito nang mas mabilis, mas sistematiko at mas malawak.” Kung kayat noong Hunyo, 1940, sa kautusan na rin ng Sekretaryo ng Instruksiyong Pampubliko, ipinaturo ang wikang pambansang batay sa Tagalog sa ikalawang taon sa lahat ng publiko at pribadong mga institusyong nagsasanay sa mga guro (mga paaralang normal) at sa ikaapat na taon sa mga pampublikong hayskul sa buong bansa. Dito nagsimula ang patuluyang proseso ng propagasyon at development ng wikang pambansa sa sistemang edukasyonal na bahagi ng nasyonal na pagpaplanong pangwika.

Malaki ang papel na ginampanan ng lugar ng Maynila sa pagpapalaganap ng wikang pambansang batay sa Tagalog. Tinanggap at ginamit ng nakararaming Pilipino ang Tagalog sapagkat ito ang wikang gamit sa Maynila na siyang sentro ng gobyerno, ang sentro ng edukasyon, sentro ng kalakalan o komersyo, lugar ng publikasyon ng mga dyaryo,

magasin, komiks, at maging ng pagsasagawa ng mga pelikula. Maraming Pilipinong mula sa iba't ibang etnikong grupo ang naglabas-pasok sa Kamaynilaan at natuto ng wikang Tagalog. Kaya nga't kahit na nakahihigit sa dami ang tagapagsalita ng wikang Cebuano, nahigitan naman ito ng Tagalog sa dami ng gumagamit dito.

Malaking impluwensya rin sa pagpapalaganap at pagdedebelop ng Tagalog ang pananakop na ginawa ng mga Hapon sa Pilipinas (1942-1945). Ginawang pangunahing midyum ng edukasyon ang wikang pambansang batay sa Tagalog at binigyan-diin ang debelopment na nasyonalismo. Gayun din, ipinagbawal ang pagsusulat sa Ingles kung kayat marami sa mga Pilipino ang nagsisulat sa Tagalog para maipabilis ang kanilang mga akda. Maging ang dating nagsisulat sa Ingles ay sumubok sumulat sa Tagalog kung kayat tinagurian ang panahong iyon ng pananakop ng Hapones na "Gintong Panahon ng Literaturang Tagalog." Ang pagsusulat ng mga manunulat na Pilipino sa Tagalog ay isang proseso ng kultibasyon o pagpapayaman ng wikang Tagalog na bahagi ng pagpaplanong pangwika ayon sa depinisyon ni Haugen (1969 sa Cooper, 1986).

Sa tulong ng Amerika, nagwakas ang pananakop ng mga Hapones. Matapos na ipagkaloob ng mga Amerikano ang "kalayaang" hinangad ng mga Pilipino noong Hulyo 4, 1946, naging wikang opisyal ang wikang pambansang batay sa Tagalog kasama ng Ingles at Kastila ayon na rin sa isinasaad ng Batas Komonwelt Blg. 570. gayun din, naging subjek ito sa lahat ng grado sa elementarya at maging sa lahat ng taon sa sekundarya.

Mahigit ding dalawampung taon bago nagkaroon ng tiyak na pangalan ang wikang pambansang batay sa Tagalog. Noong 1959, ipinanganak ang **Pilipino** bilang katawagan sa wikang pambansang batay sa Tagalog nang pirmahan ni Jose E. Romero, Sekretaryo ng Departamento ng Edukasyon ang Departamento ng Edukasyon Order Blg. 7 noong Agosto, 13, 1959, ayon kay Yabes (1977:348), udyok ito ng kaisipang –

Tagalog ... was too regional a name to be acceptable to the non-Tagalog; "Pilipino" would be more national, at least in sound, so 'Pilipino' should henceforth be the name of the national language.

1973 Konstitusyon. Patuloy ang digmaang pangwika. Naghari sa damdamin ng mga di-Tagalog ang rehiyonalismo. Nakadarama sila ng damdaming kakulangan, na sila'y kinokolonya o napasasailalim ng mga Tagalog. Matindi ang nadarama nilang "oposisyong sikolohikal" ... (Hembrador, 1974:50). Para sa kanila, ang katawagang Pilipino ay pagbabagong-bihis lamang ng wikang Tagalog – kung gayon iisa lamang ang Tagalog at Pilipino. Nakabase pa rin ito sa dalawampung titik ng abakadang Tagalog (a, ba, ka da, e, ga, ha, i, la, ma, na, nga, o, pa, ra, sa, ta, u, wa, ya) na hindi kumikilala sa ibang titik na matatagpuan sa ilang wikang katutubo sa Pilipinas.

Naging isang magandang oportunidad para sa mga opositor ng wikang Pilipino ang ginawang pagpapawalambisa sa 1935 Konstitusyon sa panahon ng batas military. Sa ginanap na 1971 Kombensyong Konstitusyonal, bilang tugon sa nangyayaring digmaang pangwika, binuo ang Komite sa Wikang Pambansa na naghain ng mga rekomendasyon sa palisi na susundin. Tulad ng dapat asahan, binuo ang Komiteng ito ng malaking bilang ng mga di-Tagalog (Llamzon:1977) para maiwasan ang anumang usap-usapan. Inirekomenda ng Komite na alisin ang Pilipino at palitan ng isang bagong "komon na wikang pambansang tatawaging FILIPINO batay sa mga katutubong wika sa bansa at maging ang asimilasyon ng mga salita mula sa mga dayuhang wika" (Tupaz 1973:276) sa (Llamzon, 1977). Inirekomenda rin ng nasabing Komite ang pagpapatuloy ng Ingles at Kastila bilang mga wikang opisyal subalit sa pinal na draft ng Konstitusyon, lumabas na Ingles at Pilipino lamang ang mga wikang opisyal. Batay sa 1973 Konstitusyon, walang pambansang wika ang Pilipinas. Ayon sa Art. XIV, Sek. 3 –

Ang Batasang Pambansa ay dapat magsagawa ng mga hakbang tungo sa pagpapaunlad at pormal na pagpapatibay ng isang panlahat na wikang pambansa na **kikilalaning** Filipino. (Akin ang empasis.)

Naalisan ng karapatan ang wikang Pilipino bilang wikang pambansa. Kung gayon, masasabi na sa buong panahong umiiral ang 1973 Konstitusyon, walang masasabing wikang pambansa ang Pilipinas dahil teoretikal na wika pa lamang ang Filipino. Gayun pa man, nagkaroon pa rin ng espesyal na lugar ang wikang Pilipino sa nasabing Konstitusyon bilang opisyal na wika kasama ng Ingles.

Sa kapasidad ng wikang Pilipino bilang opisyal na wika, patuloy itong itinuro sa mga eskwelahan mula elementarya hanggang sa lebel tersyarya. Bukod dito, patuloy itong ginamit bilang midyum ng pagtuturo lalo na sa Unibersidad ng Pilipinas kung saan malakas na isinusulong ang paggamit sa wikang pambansa bilang wika ng akademya.

Kaugnay ng mga pagbabagong pangwika, pinagyaman ang dating ABAKADA. Nagpalabas ang Kagawaran ng Edukasyon at Kultura ng Memorandum Pangkagawaran Blg. 194, s. 1976 na nagpapabisa sa bagong ortograpiya na pinagtibay naman ng Sanggunian ng Surian ng Wikang Pambansa noong Abril 1, 1976. Isinasaad sa bagong ortograpiya na “maaaring gamitin ang mga letrang C, CH, F, J, LL, Ñ, Q, RR, V, X, Z.” kung gayon, ang alpabeto ng 1976 ay binuo ng 31 titik mula sa 20 titik ng dating ABAKADA.

Resulta ng patuluyang aktibidad sa pagpaplanong pangwika, pinagtibay ng Lupon ng Pambansang Edukasyon (Board of National Education) ang patakaran sa edukasyong bilinggwal. Sa ilalim ng Department Order Blg. 25, s. 1974 na may pamagat na “Implementing Guidelines for the Policy on Bilingual Education” isinasaad ang hiwalay na paggamit ng Pilipino at Ingles bilang midyum ng instruksyon sa mga tiyak na subjek. Gagamitin ang Pilipino sa mga araling panlipunan/agham panlipunan, edukasyong pangkalusugan at sa edukasyong pisikal. Gagamitin naman ang Ingles sa iba pang mga asignatura. Samantala, binigyan ng diskresyon ang mga panterisyaryang institutusyon (mga lebel pangkolehiyo at gradwado) na dumebelop ng sariling mga iskedyul para sa implementasyon.

Sa ipinalabas naming order ng Ministri ng Edukasyon at Kultural – MEK Order Blg. 22, s. 1978 na pinamamagatang “Pilipino as

Curricular Requirement in the Tertiary Level,” tiniyak sa Phase II na sa taong aralan 1982-1983, gagamitin ang Pilipino bilang midyum ng instruksyon sa lahat ng eskwelahan, kolehiyo, at unibersidad sa mga kurso/sabjek na – (1) Philippine History and Government with the New Constitution and Public Service (integrated); (2) Rizal’s Life and Works; (3) Sociology; (4) Economics with Taxation and Land Reform, Cooperative and Consumer Education; (5) Current Issues; (6) Health Education; (7) Home Economics (including Nutrition); (8) Practical Arts; (9) General Psychology; (10) Ethics; at (1) Iba pang karapat-dapat na mga sabjek.

Masusukat lamang ang tagumpay ng implementasyon ng patakarang edukasyong bilinggwal na nabanggit sa itaas sa pamamagitan ng pagsasagawa ng ebalwasyon. Makalipas ang sampung taon (1974-1984), nagsagawa ng ebalwasyon si Gonzalez (1984) sa naging resulta ng implementasyon ng edukasyong bilinggwal. Natuklasan niya na sa pangkalahatan, hindi lubusang naimplementa ang programa sa ilang bahagi ng Pilipinas. Sa lebel tersyarya, tanging Unibersidad ng Pilipinas lamang ang nanguna sa pag-implementa at sinundan ng ilang pribadong unibersidad tulad ng Ateneo de Manila University, at ng De La Salle University na parsyal na nag-implementa sa ilang mga sabjek o disiplina.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Segovia (sa Gonzalez at Sibayan, 1988:71-98), makalipas din ang isang dekada ng implementasyon ng edukasyong bilinggwal, nagsagawa siya ng ebalwasyon sa lebel tersyarya na kisasasangkutan ng 94 na mga kolehiyo/unibersidad mula sa 1,168 na mga institusyong pantersyarya sa buong kapuluan. Natuklasan sa kanyang pag-aaral na halos ikatlong bahagi lamang ng 94 na mga kolehiyo/unibersidad ang nag-implementa ng Palisi sa Edukasyong Bilinggwal. Nag-implementa lamang ang mga ito bilang pagsunod sa MECS Order at hindi sa paniniwalang isa itong solusyon sa mga problemang pangwikang nakakaharap sa edukasyong pantersyarya.

1987 Konstitusyon. Napawalambisa ang 1973 Konstitusyon nang palitan ni Corazon C. Aquino ang napatalsik na si Ferdinand E. Marcos bilang presidente ng bansa. Nilikha ni Aquino ang Konstitusyonal Komisyon na siyang nag-draft ng bagong Konstitusyon na naaprubahan

bilang 1987 Konstitusyon. Tiniyak sa Konstitusyon na ito na ang wikang pambansa ng Pilipinas ay ang wikang FILIPINO. Ganito ang isinasaad sa Art XIV –

Sek. 6. Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika.

Alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon.

Sek. 7. Ukol sa layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at, hanggat walang ibang itinatadhana ang batas, Ingles.

Ang mga wikang panrehiyon ay pantulong na mga wikang opisyal sa mga rehiyon at magsisilbi na pantulong ng mga wikang panturo roon.

Dapat itaguyod nang kusa at opsyonal ang Kastila at Arabic.

Sek. 8. Ang Konstitusyong ito ay dapat ipahayag sa Filipino at Ingles at dapat isalin sa mga pangunahing wikang panrehiyon, Arabic, at Kastila.

Sek. 9. Dapat magtatag ang Kongreso ng isang komisyon ng wikang pambansa na binubuo ng kinatawan ng iba't ibang mga rehiyon at mga disiplina na magsasagawa, mag-uugnay at magtataguyod ng mga pananaliksik sa Filipino at iba pang mga wika para sa kanilang pagpapaunlad, pagpapalaganap at pagpapanatili.

Sa mga nabanggit sa itaas kung gayon, ang wikang pambansang Filipino ay nagdaan sa tatlong yugto ng ebolusyon - mula wikang

pambansang batay sa Tagalog na rin sa isinasaad sa Departamento ng Edukasyon Order Blg. 7, 1959 na pinirmahan ni Sekretaryo Jose E. Romero; payayamanin o pauunlarin naman at tatawaging Filipino batay sa isinaad ng probisyong pangwika sa 1973 Konstitusyon; at pinagtibay at tinawag na Filipino sa ilalim ng kasalukuyang konstitusyon, ang 1987 Konstitusyon.

Sa pagpapalit ng pangalan, kung gayon, ano ang pagkakaiba ng Pilipino sa Filipino bukod sa pagpapalit ng P. sa F? Kung susuriin, kahit saang anggulo tingnan, Tagalog pa rin ang nukleyus ng Filipino. Ayon nga kay Gonzalez (1996:230), ang Filipino ay Pilipino na batay sa Tagalog na may bokabularyo mula sa mga wika sa Pilipinas, at mga wika sa labas ng bansa na nakakaimpluwensya sa lipunang Pilipino tulad ng mga wikang Kastila, Ingles, Arabic, atbp. Ito ang wikang umaagapay sa mga pagbabagong panlipunan na siyang linggwa frangka sa ka-Maynilaan. Samantala, ang Filipino ayon naman kay Pineda ay “liberalized variety of Pilipino.” Liberal ang pagtanggap nito ng mga salitang katutubo o dayuhan man para ganap itong maging buhay at dinamikong wika na natural na ginagamit sa pag-uusap at maging sa pagsulat. Hindi lamang ito linggwa frangka sa ka-Maynilaan kundi sa buong Pilipinas man.

Bilang pan-alinsunod na rin sa probisyong pangwika ng 1987 Konstitusyon, nagsagawa ng mga pagbabago sa patakarang bilinggwal. Sa ilalim ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 52, s. 1987 ng DECS, ipinalabas ang “Patakarang sa Edukasyong Bilinggwal,” kasunod ang Kautusang Pangkagawaran Blg. 54, s. 1987 “Panuntunan sa Implementasyon ng Patakarang sa Edukasyong Bilinggwal ng 1987.” Kapansin-pansin na sa pagbabagong naganap sa palisi binigyan ng mabigat na timbang ang Filipino kung saan ang Ingles ay ginawa na lamang na “di-eksklusibong wika ng syensya at teknolohiya” bilang suporta na rin sa patuluyang intelektwalisasyon ng Filipino.

Kung mayroon mang ahensyang dapat na manguna sa pagdebelop at pagpapaunlad sa wikang pambansa, ito ay ang ahensyang panggobyerno na itinatag sa gayong layunin. Sa bisa ng Batas Republika Blg. 7104 nilikha ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong

Agosto 14, 1991.

Kaugnay ng debelopment at pag-unlad ng Filipino, nagsagawa ang Komisyon ng pagrereporma sa alpabeto. Mula sa 31 titik ng alpabeto ng 1976, ibinaba ito sa 28 kung saan kinaltas ang mga titik ch, rr, at ll. Binubuo na lamang ito ngayon ng mga sumusunod na mga titik – a, b, c, d, e, f, g, h, i, j, k, l., m, n, ñ, ng, o, p, q, r, s, t, u, v, w, x, y, z. Binibigkas ang mga titik na ito nang pa-Ingles maliban sa n na binibigkas nang pa Kastila. “Ang Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino” sa ilalim ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 81, s. 1987 ay deskriptibo at hindi preskriptibo ayon na rin sa KWF. Kung gayon, ang nasabing patnubay ay hinango base sa paggamit dito ng bayan. Nangangahulugan lamang ito ng patuluyang modernisasyon ng wikang Filipino. Bilang bahagi ng modernisasyon, sabi nga, magiging intelektwalisado lamang ang Filipino kung ito’y malawakang gagamitin sa larangan ng edukasyon.

Landasin ng Wikang Filipino

Ilan pung taon na ang nakalilipas sa pagdebelop sa wikang Filipino. Kahit pa sa maraming pagsalungat sa agos na naranasan at nararanasan ng mga tagapagtaguyod ng wikang Filipino, unti-unting naaakyat ng wikang ito ang lugar na dapat nitong kalagyan. Nasa patuluyang proseso na ito ng modernisasyon. Malaganap na itong ginagamit sa broadcast media – radyo at telebisyon – hindi lamang sa mga pang-aliwang programa kundi maging sa mga balita at talakayan (talk shows) man. Patunay lamang ito na sagkaan man ang daang tinatahak ng wikang Filipino, mag-uumalpas ito ayon sa hinihingi ng pangangailangang panlipunan. Inaasahang mapapasok ng Filipino ang iba’t ibang domeyn na pinaggagamitan ng modernisado at intelektwalisadong wika.

Intelektwalisasyon ng Filipino. Sa pagmomodernisa ng wika, hindi mahihiwalay ang intelektwalisasyon nito na isang proseso ng pagpapataas sa antas ng paggamit ng wika sa mga gawaing akademiko lalo na sa paraang pagsulat. Ayon sa KWF (1996), “intelektwalisadong

Filipino” ang barayti ng Filipinong ginagamit sa edukasyon ng mga Pilipino sa lahat ng larangan ng kaalaman mula sa mga gradong primarya hanggang sa unibersidad. Ito rin ang uri ng Filipino na ginagamit sa mga pananaliksik sa lahat ng disiplina, at ginagamit din bilang pangunahing wikang pangkawain sa iba’t ibang domeyn ng wika.

Malaki ang papel na ginagampanan ng edukasyon sa proseso ng intelektwalisasyon, na ayon kay Sibayan (1992:12) ay domeyn kung saan higit na nadebelop ang Filipino. Higit pa roon, sinabi ni Sibayan (1988:9) na sa larangan ng edukasyon, dapat na magsimula ang intelektwalisasyon ng Filipino sa itaas kaysa sa magsimula sa ibaba sa lahat ng larangan ng kaalaman (in all areas of knowledge). Ang konseptong ito ay maaaring ikapit sa katotohanang ang intelektwalisasyon ng Filipino ay dedepende sa mga intelektwalisadong wika, kung saan, sang-ayon kina Sibayan at Gonzalez (1995:109) ay Ingles ang pinakaimportante sa mga ito bilang wikang internasyunal. Ang pahayag na ito nina Sibayan at Gonzalez ay umaayon sa pagpapalabas ng Patakaran sa Edukasyong Bilinggwal (1973 at 1987) bilang bahagi ng pagpaplanong pangwika kung saan may bahaging nagsasaad ng ganito –

g. Ang mga institusyong nasa antas tersyarya ang mangunguna sa patuluyang intelektwalisasyon ng Filipino. Gayunman, ang programa ng intelektwalisasyon ay itataguyod din sa elementarya at sekundarya.

Kaya nga para sa lubusang pagsulong nito kinakailangang palawakin ang paggamit nito sa daigdig ng akademya. Dapat itong tanghaling wika ng edukasyon at midyum ng pagsulat sa mga larangang kinabibilangan ng panitikan (na matagal nang napasimulan ng U.P., De La Salle, at Ateneo), linggwistika, pananaliksik, at maging sa agham at teknolohiya para sa mabisang intelektwalisasyon ng wika na napatunayan na sa Indonesia at Malaysia. Nakalulungkot nga lamang isipin na maraming mga edukado sa wikang Ingles ang labis na tumututol sa malawakang paggamit ng Filipino sa daigdig ng akademya. Ikinakatwiran nilang hindi maaring ipalit ang pambansang wikang ito sa Ingles bilang midyum ng pagtuturo, diskusyon sa klase at maging sa pagsusulat ng mga

pananaliksik. Mahalaga ring mabanggit sa papel na ito na maging ang aking disertasyon ay tinangkang pigilang maisulat sa wikang Filipino. Salamat na lamang at ipinahayag ng CHED sa katauhan ni Dr. Roberto Padua, na hindi nito tinututulang gamitin ang wikang Filipino bilang midyum ng pagpapahayag sa pananaliksik.

Walang tigil sa pagsasagawa ng iba't ibang aktibidad para sa debelopment ng wikang Filipino tungo sa intelektwalisasyon nito ang KWF. Pinangungunahan ng malalaki at kilalang mga unibersidad sa Metro Manila tulad ng Unibersidad ng Pilipinas, Unibersidad ng De La Salle, Unibersidad ng Ateneo de Manila, Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, at Pamantasang Normal ng Pilipinas ang paggamit ng Filipino sa antas Tersyarya sa iba't ibang kurso sa paniniwalang magiging intelektwalisado lamang ang wika kung ito'y gagamitin sa larangan ng edukasyon. May mangilan-ngilan na ring mga edukador sa labas ng Metro Manila ang nagsisunod sa pinasimulan ng mga nabanggit na unibersidad. Marami nang mga libro ang naisulat sa Filipino sa iba't ibang disiplina na nagpapatunay lamang na niintelektwalisa na nga ang wikang ito.

Patuloy ang pagmomodernisa ng KWF sa alpabeto tungo sa istandardisasyon ng mga salitang hiram na pumapasok sa wikang Filipino. Hindi maaring ihiwalay ang istandardisasyon sa proseso ng intelektwalisasyon ng wika sapagkat magkaagapay ang mga ito sa proseso ng modernisasyon ng wika. Upang malayang makapasok ang mga salitang hiram sa wikang Filipino, at upang maging instandardisado ang ispelang ng mga salitang ito nagsagawa na naman ng bagong tuntunin sa gamit ng walong titik – c, f, j, ñ, q, x na itinuturing na redundant ay hindi gagamitin sa mga salitang itinuturing na karaniwan sapagkat hindi kumakatawan ang mga titik na ito sa iisa at tiyak na yunit ng tunog (Zafra, 2001).

Konklusyon

Ang ibolusyong kinasasangkutan ng Filipino na pambansang wika at linggwa franka sa buong bansa ay natural na proseso ng debelopment at pagpapaunlad ng wika. Dahil liberal ngang nakapapasok dito ang mga wikang katutubo at di-katutubo sa bansa, hindi maiiwasang magkaroon ng iba't ibang barayti na umaangkop sa katayuang sosyolinggwistiko ng komunidad na gumagamit. Kusang umuunlad at nadedebelop ang wikang Filipino nang di-sinasadya sa paggamit dito ng taumbayan. Samantala, delibereyt o sinasadya naman ang pagpapaunlad dito sa pagsusumikap ng mga organisasyon/ahensyang pangwika, publiko man o pribado na lubhang kailangan para sa mabilis na pag-unlad ng wikang Filipino.

Tuluyang maaangkin ng Filipino ang pagiging intelektwalisadong wika kung bibigyan ng bawat mamamayang Filipino ng pagkakataong mangibabaw ang wikang ito sa lahat ng domeyn ng wika tulad ng mga intelektwalisadong wika gaya ng Ingles, German, French, at iba pa.

BIBLYOGRAPI

Almario, Virgilio S. 1997. **Tradisyon at Wikang Filipino**. Lungsod Quezon. Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas.

Appel, Rene and Pieter Muysken. 1987. **Language Contact and Bilingualism**. London: Edward Arnold.

Bernabe, Emma J.T. 1987. **Language Policy Formulation, Programming, Implementation and Evaluation (1565-19754)**. Manila: Linguistic Society of the Philippines Moograph No. 25.

Bolinger, Dwight. 1975. **Aspects of Language**. New York: Harcourt Brace Jovanovich, Inc.

Bonvillain, Nancy. 1993. **Language, Culture and Communication: The Meaning of Messages.** New Jersey: Prentice Hall, Inc.

Chambers, F.K. 1995. **Sociolinguistic Theory Linguistic Variation and Its Social Significance.** Massachusetts: Blackwell Publishers.

Constantino, Ernesto A. 1996. "Intelektwalismo at wika." **Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunang.** P.C. Constantino at M.M. Atienza, ed. Diliman, Lunsod Quezon: University of the Philippines Press.

_____. 1993. "Filipino as the National Language of the Philippines." **Readings on Trends and Directions in Language Education.** M.C.V. Ravina at F.C. Robles, mga ed. A project of Language Education Council of the Philippines.

_____. 1991. "Theories for Development and Enrichment of Language." **Tungo sa Ibayong Pagyabong ng Wikang Filipino: Mga Teorya at Praktika.** SWP.

Constantino, Pamela C. 1996. "Wikang Bilang Kasangkapang Panlipunan: Wikang Pambansa Tungo sa Pangkaisipan at Pang-ekonomikong Kaunlaran." **Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan.** P.C. Constantino at M.M. Atienza, ed. Quezon City, UP Press.

_____. 1991. **Pagpaplanong Pangwika Tungo sa Modernisasyon: Karanasan ng Malaysia, Indonesia, at Pilipinas.** Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas-Sistema.

Cooper, Robert L. 1989. **Language Planning and Social Change.** New York: Cambridge University Press.

Eastman, Carol M. 1983. **Language Planning An Introduction.** San Francisco: Chandler and Sharp Publishers, Inc.

Ferguson, Charles A. 1996. **Sociolinguistic Perspective Papers on Language in Society, 1959-1994**. Thomas Huebner, ed. New York/Oxford: Oxford University Press.

Gonzalez, Andrew. 1991. "Ang Pagpapayabong at Intelektwalisasyon ng Wikang Filipino Mula sa Paningin ng Teorya, Kasaysayan at Lipunan." **Tungo sa Ibayong Pagyabong ng Wikang Filipino Mga Teorya at Praktika**. LWP.

_____. 1977. "Pilipino in the Year 2000." **Language Planning and the Building of a National Language Essays in Honor of Santiago A. Fonacier on His Ninety-Second Birthday**. Philippine Normal College, Linguistic Society of the Philippines and Language Study Center.

_____ at Bonifacio P. Sibayan, eds. 1988. **Evaluating Bilingual Education in the Philippines (1974-1985)**. Manila: Linguistic Society of the Philippines.

Hembrador, Ma. Theresa. 1974. "Pilipino o Filipino?" **Filipino o Pilipino? Mga Bagong Babasahin sa Pambansang wika at Literatura**. Ernesto Constantino, et al., mga Ed. Manila: Rex Book Store.

Hudson, R.A. 1980. **Sociolinguistics**. Cambridge; Cambridge University Press.

Jose, Vivencio R. 1996. "Ang Wika ng Pagpapalaya at ang Papel ng Akademya,." **Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan**. P.C. Constantino at M.M. Atienza, ed. Diliman, Quezon City: University of the Philippines Press.

Komisyon sa Wikang Filipino. 1994. **Patakarang Pangwika**. Gusaling Watson, Malacañang Annex, Manila: KWF.

Llamzon, Teodoro A. 1977. "A Requiem for Pilipino." **Language Planning and the Building of a Natrional Language Essays in**

Honor of Santiago A. Fonacier on His Ninety-Second Birthday.

Philippine Normal College, Linguistic Society of the Philippines and Language Study Center.

McFarland, Curtis D. 1996. "Subgroupings and number of the Philippine languages, or: How many Philippine languages are there?" **Readings in Philippine Sociolinguistics**, 2nd ed. Ma. Lourdes S. Bautista, ed. Manila, Phils: De La Salle University Press, Inc.

Rubin, Joan. 1973. "Language Planning: Discussion of Some Current Issues." **Language Planning: Current Issues and Research**. Joan Rubin and Roger Shuy, eds. Washington D.C.: Georgetown University Press.

Segovia, Lorna Z. 1988. "the Implementation of the Bilingual Education Policy at the Tertiary Level." **Evaluating Bilingual Education in the Philippines (1974-1985)**. Gonzalez, Andres, FSC at Bonifacio P. Sibayan, mga ed. Quezon City: Linguistic Society of the Philippines at Rex Book Store.

Sibayan, Bonifacio S. 1992. "A Suggested One-Hundred Year Timetable for the Intellectualization of Filipino." **Educating Via Language**. Emma H.S. Castillo, ed. Language Education Council of the Philippines and Language Study and Research Center, Inc. De La Salle University Press.

Yabes, Leopoldo Y. 1977. "History of Pilipino as the Common National Language." **Language Planning and the Building of a National Language: Essays in Honor of Santiago A. Fonacier on His Ninety-Second Birthday**. Philippine Normal College, Linguistic Society of the Philippines and Language Study Center.